

# Mga Kasunduan sa Suportadong Paggawa ng Desisyon

Para sa Mga Miyembro ng  
Komunidad

ACRC 2024

Ano ang  
Suportadong  
Paggawa ng  
Desisyon?



# Ayon sa Batas ng California...

*Ang bawat isa ay nangangailangan ng tulong o suporta sa kanilang mga buhay minsan (hindi lamang mga taong may kapansanan)*

Ang mga nasa hustong gulang na may kapansanan ay may karapatang makakuha ng suporta sa paggawa ng mga desisyon mula sa mga taong gusto nila at eksaktong mga uri ng suporta na gusto nila

Kailangang igalang ng ibang tao ang kagustuhan ng nasa hustong gulang na may kapansanan na inilagay nila sa isang dokumentong tinatawag na Kasunduan sa Paggawa ng Suportadong Desisyon.

Ang nagagawa ng nasa hustong gulang na may kapansanan ay dapat masukat sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang kung ano ang maari niyang gawin nang may suporta, (hindi kung walang ganoong suporta)



# Ang Suportadong Paggawa ng Desisyon (Supported Decision-Making, SDM) ay...



Isang paraan para sa mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan upang makakuha ng TULONG sa paggawa ng mga pagpili (mga desisyon) kung saan

- **SILA** ay gumagawa ng kanilang sariling mga pagpili
- **SILA** ay pumipili kung anong mga uri ng tulong o suporta ang gusto nila
- **SILA** ay pumipili ng mga tao na gusto niyang tumulong o sumuporta sa kanya – mga kaibigan, pamilya, mga tauhan – na tinatawag na **Mga Tagasuporta** nila
- **Ang mga tagasuporta** ay naroon upang tulungan ang nasa hustong gulang na may kapansanan...

**ANG NASA HUSTONG GULANG NA MAY KAPANSANAN ANG SIYANG NAGPAPASYA**

Sila ang gumagawa ng panghuling desisyon, hindi ang kanilang mga Tagasuporta.




# Kasunduan sa SDM



- Isang dokumentong sinagutan para sabihin sa iba kung sino ang Mga Tagasuporta ng kliyente at ang uri ng suporta na gusto ng kliyente (at ayaw nito).
- Ang kliyente ay nagbibigay sa iba ng kopya ng kanyang Kasunduan sa SDM
- Kailangang igalang ng ibang tao ang mga desisyon ng kliyente tungkol sa kanilang mga Tagasuporta at ang gusto nilang uri ng suporta at aspetong susuportahan!

SDM:  
Pag-iisip tungkol  
sa **mga pagpili**





## Pagpili = Desisyon

- Ang mga kliyenteng nasa hustong gulang ay may karapatang gumawa ng mga pagpili/desisyon sa kanilang sariling buhay



- Ang mga kliyenteng nasa hustong gulang ay may karapatang makakuha ng suporta para tulungan silang gumawa ng mga ganitong desisyon

# Mga uri ng pagpipilian -- Mga halimbawa

---

Kung saan gustong manirahan ng kliyente

Ano ang ginagawa ng kliyente para magsaya

---

Sino ang gustong makasama ng kliyente sa tirahan

Kailan pupunta sa doktor/dentista

---

Saan/Kung gusto ng kliyente na magtrabaho

Ano ang gustong medikal na paggamot ng kliyente

---

Anong day program ang gustong puntahan ng kliyente

Anong bibilhin

---

Anong damit ang sinusuot ng kliyente

Anong mga klase ang gustong kunin ng kliyente

---

Kanino gustong makipagkaibigan ng kliyente

Kung gustong makipag-date, at kanino

---

Paano ginagastos ng kliyente ang kanilang pera

Ano ang kakainin

---

Anong iba pang mga uri ng PAGPILI ang naiisip mo?





SDM:  
Pag-iisip tungkol  
sa **suporta**



# Mga uri ng suporta

- **Impormasyon sa payak na wika:** Nakasulat na impormasyon sa mga simpleng salita
- **Mga litrato, drawing o larawan**
- **May isang taong nagpapaliwanag ng mga bagay sa kliyente**
- **Pagsasaliksik:** Pagtatanong, pagtingin sa mga dokumento o mga website
- **Mga trial o pagbisita:** Pagsubok ng iba't ibang bagay upang makita kung ano sa tingin ng kliyente ay tama para sa kanya



# Higit pang uri ng suporta

- **Mga paalala** tungkol sa mahahalagang petsa, oras o event
- Tumulong sa **paglista ng mga Pros at Cons**
- **Pagpunta sa mga meeting at appointment kasama ang kliyente**
- **Pakikipag-usap sa mga eksperto** na maraming alam tungkol sa pagpipilian



# Mas marami pang uri ng suporta!

- **Mga klase** para matuto tungkol sa mga pagpipilian na mainam sa kalusugan.
- **Teknolohiya:** Paggamit ng telepono, computer, o iba pang device para tumulong sa mga pagpili.
- **Pagtulong sa pagpapabatid ng desisyon ng kliyente** sa iba

**IBA PA???**



# Sa aling bagay nais ng kliyente ng suporta?

Maaaring maraming pagpili ang kliyente na gusto niyang gawin sa kanilang sarili.

Maaaring may iba pang mga pagpili na gusto niya ng suporta kahit papaano.

At maaaring may iba pang mga pagpili na hindi niya magagawa nang walang suporta.





Pag-iisip tungkol  
sa **mga**  
**tagasuporta**



# Sino ang gusto ng Kliyente na maging mga Tagasuporta niya?

Ang Tagasuporta ay dapat na:

- Isang taong pinagkakatiwalaan ng kliyente
- Isang taong kilala ang kliyente at kung ano ang gusto nila
- Isang taong sumasang-ayon na maging isang Tagasuporta

Ang isang kliyente ay maaaring magkaroon ng isang Tagasuporta lamang, o gaano karami man ang gusto niya!



# Pakikipag-usap sa mga Posibleng Tagasuporta

- Ang kliyente ay dapat maglaan ng oras upang makipagkita sa lahat ng taong sa tingin niya ay maaaring gusto niyang maging isang Tagasuporta.
- Maaaring makipagkita sa kanila ang kliyente nang paisa-isa, o magkakasama
- Maaaring magbigay sa kanila ang kliyente ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang SDM at kung ano ang ginagawa ng mga Tagasuporta.



# Pakikipag-usap sa mga Posibleng Tagasuporta

Pag-usapan ang tungkol sa

- Anong uri ng tulong/suporta ang gusto ng kliyente mula sa bawat isa
- Sang-ayon ba o hindi ang taong iyon na maging Tagasuporta
- Paano makakakuha ng tulong ang kliyente mula sa Tagasuporta
- Maaari bang makipag-usap sa isa't isa o hindi ang mga Tagasuporta kapag wala ang kliyente





Punan ang **Form ng**  
**Kasunduan sa SDM**



# Kasunduan sa SDM

I-link para sa blangkong Kasunduan sa SDM:

[Suportadong Paggawa ng Desisyon - Alta California Regional Center \(altaregional.org\)](http://altaregional.org)

**Maaaring basahin at ipaliwanag ng isang pinagkakatiwalaang kaibigan, miyembro ng pamilya, o kawani ang form sa kliyente at tulungan silang kumpletuhin ang Kasunduan sa SDM!**



# Punan ang Form

- Idagdag ang pangalan ng kliyente sa blangko sa tuktok ng pahina 1 upang ipaalam sa mga tao na ito ang kasunduan ng KLIYENTE.
- Sa ilalim ng seksyon na “Mga Aspeto na Nais Ko ng Suporta at Mga Taong Gusto Kong Suportahan Ako,” magdagdag ng maraming mga tagasuporta at aspeto at uri ng suporta ayon sa nais ng kliyente.
- Idagdag lamang ang mga taong sumang-ayon na maging Mga Tagasuporta ng kliyente



# Mga Kalakip—Iba Pang mga Kasunduan

- Maaaring maglakip ang kliyente ng mga kopya ng anumang iba pang kasunduan o dokumento na maaaring mayroon na sila na nauugnay sa mga uri ng suporta na ibinibigay ng ibang tao sa kliyente.
- Halimbawa, maaaring ilakip ang mga ito:
  - Durable General Power of Attorney
  - Power of Attorney para sa Health Care o Advance Directive
  - Pagtatalaga ng Mga Karapatan sa Paggawa ng Desisyon sa Edukasyon
  - Mga Liham kaugnay ng Conservatorship
  - Mga Lathala
  - Kinatawan ng Kasunduan ng Binabayaran (Payee)



# Lagda ng Kliyente

- Maaaring basahin ng kliyente ang dokumento mismo, o maaaring ipabasa nang malakas ang dokumento sa isang pinagkakatiwalaang tao sa kliyente bago pumirma.
- Dapat pirmahan ng KLIYENTE ang dokumento:
  - sa harap ng Notaryo Publiko, na magpapatunay na pinirmahan ng kliyente ang dokumento O
  - Sa harap ng dalawang testigo na hindi nakapangalan sa Kasunduan, na kailangang pumirma sa dokumento upang isaad na nakita nilang pumirma sa Kasunduan ang kliyente.
  - Ang Kasunduan ay hindi balido maliban kung ang lagda ng KLIYENTE ay nakakatugon sa isa sa mga kinakailangang iyon



shutterstock.com · 2046349127

# Kalakip 1 sa Blangkong Kasunduan sa SDM

## – Mga Kasunduan ng Tagasuporta

- Ang bawat kliyenteng Tagasuporta na tinukoy sa Kasunduan ay dapat makatanggap ng kopya ng Kasunduan ng Tagasuporta kasama ng nilagdaang Kasunduan sa SDM.
- Dapat petsahan at pirmahan ng Tagasuporta ang Kasunduang ito
- Ang lahat ng nilagdaang Kasunduan ng Tagasuporta ay ilalakip sa nilagdaang Kasunduan sa SDM





## Kalakip 2 -- Glosaryo

- Ito ay isang listahan ng mga salita na kasama sa Kasunduan sa SDM upang alam ng lahat (ang kliyente, kanyang mga Tagasuporta, at sinumang maaaring magbasa ng Kasunduan) at magkasundo sa kung ano ang ibig sabihin ng mga ito.
- Bago lang ang SDM, kaya nakakatulong ito sa iba sa komunidad na maunawaan kung ano ang gusto ng kliyente at kung paano nila masusuportahan ang kliyente tulad ng iniaatas sa kanila ng kanilang Kasunduan!



## Kalakip 3 – Impormasyon para sa mga Recipient ng Kasunduan sa SDM

- Magbibigay ang kliyente ng mga kopya ng nilagdaang Kasunduan sa SDM sa ibang tao at negosyo (tulad ng mga doktor, regional center, paaralan, tagapagkaloob ng serbisyo, o iba pang ahensya).
- Ang kalakip na ito ay tumutulong sa mga taong iyon na maunawaan kung ano ang kailangan nilang gawin upang matiyak na ang kliyente ay makakakuha ng suporta na gusto niya!
- Mahalaga ito dahil bago ang SDM kaya hindi alam ng lahat ang tungkol dito.



**Pagkatapos  
Mapirmahan ang  
Kasunduan sa  
SDM na ito**



# Pagsasaayos ng mga Kalakip

- Tiyaking nilagdaan ng kliyente ang Kasunduan sa SDM at nilagdaan ng Mga Tagasuporta ang lahat ng nilagdaang Mga Kasunduan sa Tagasuporta (Kalakip 1) kasama ang lahat ng iba pang kasunduan na gusto mong ilakip, pati na rin ang Kalakip 2 at 3.
- Gumawa ng mga photocopy at ibigay ang mga iyon sa mga tao kung kanino gustong ipagbigay-alam ng kliyente kung anong uri ng suporta ang gusto ng kliyente: mga doktor at dentista, mga paaralan, Regional Center SC, mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan, mga tagapagkaloob ng serbisyo, iba pa!

DAPAT ITABI NG KLIYENTE ANG NILAGDAANG ORIHINAL NA KASUNDUAN SA SDM SA ISANG LUGAR NA **LIGTAS**





# Pagrenew/Pagbabago ng Kasunduan sa SDM

- Ang Mga Kasunduan sa SDM ay dapat SURIIN ng kliyente at ng lahat ng kanilang Mga Tagasuporta nang hindi bababa sa kada dalawang taon.
- Maaaring i-update/palitan ang Mga Kasunduan sa SDM anumang oras, kasama ang dalawang taong pagsusuri, upang ipakita ang anumang pagbabago na gusto ng kliyente.
- Sa tuwing ang isang Kasunduan sa SDM ay na-update/binago, ang kliyente ay dapat lumagda sa bagong Kasunduan, ang lahat ng Tagasuporta ay dapat pumirma ng mga bagong Kasunduan sa Tagasuporta, at ang kliyente ay dapat magbigay ng mga kopya ng bagong Kasunduan sa SDM at lahat ng kalakip sa lahat ng tao/negosyo na kanilang ginawa noon upang palitan ang lumang kasunduan.





# Pagwawakas/Pagtatapos ng Kasunduan sa SDM

Ang Kasunduan sa SDM ng kliyente ay may bisa hanggang sa ito ay wakasan (matapos) kapag:

- Sinabi ng kliyente na ayaw na niya ito (o namatay 😞)
- Sinabi ng lahat ng Tagasuporta na ayaw na nilang magbigay ng suporta sa kliyente, o hindi na kwalipikadong magbigay ng suporta sa kliyente dahil sa legal na mga dahilan

Kung ang ilan lang sa mga Tagasuporta ay ayaw o hindi na makapagbigay ng suporta sa kliyente, ang Kasunduan ay mananatiling epektibo para sa lahat ng iba pa



The End

# Paano Wakasan ang Suporta, o ang Kasunduan sa SDM

- Maaaring wakasan ng isang Tagasuporta ang kanilang paglahok sa pamamagitan ng pagsasabi sa kliyente o pagbibigay sa kliyente ng isang bagay sa pamamagitan ng pagsulat na nagsasaad na hindi na sila magbibigay ng suporta.
- Maaaring wakasan ng kliyente ang kanyang Kasunduan sa SDM sa anumang paraan na nagpapakita sa ibang tao ng kanilang layunin na wakasan ito: pagsasabi sa ibang tao, pagpunit ng dokumento, pagtanggap ng wika sa dokumento, o iba pang paraan sa presensya ng ibang tao.



# Mga Karapatan ng Kliyente

- Kahit na ang isang kliyente ay may Kasunduan sa SDM na nagsasabing gusto niya ng isang Tagasuporta na tulungan siya sa isang aspeto, ang kliyente ay may karapatan pa rin na gumawa ng lahat ng kanyang sariling mga desisyon at mga pagpili nang wala ang kanyang Tagasuporta kung gusto niya. (Boluntaryo)
- HINDI MAAARING pumirma ang mga tagasuporta ng mga dokumento sa ngalan ng kliyente (maliban kung may ibang dokumento tulad ng Power of Attorney na nagpapahintulot nito)

## TANDAAN:

**GINAGAWA NG KLIYENTE ANG PANGHULING MGA  
DESIYON/PAGPILI TUNGKOL SA KANYANG BUHAY, MAYROON  
MAN O WALANG KASUNDUAN SA SDM**



# MAY MGA TANONG???

Saan makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa SDM:

## **The ARC of California**

Telepono: 916-552-6619

Website: <https://thearcca.org/info-resources/supported-decision-making/>

## **SDM Technical Assistance Program (binubuo)**

State Council of Developmental Disabilities

Website: <https://scdd.ca.gov/sdm-tap/>

## **Welfare and Institutions Code seksyon 21000-21008**

California Legislature website: [Codes Display Text \(ca.gov\)](https://leginfo.ca.gov/)



# **MGA/PRESENTER**

**Robin M. Black**

**Legal Services Manager**

**Alta California Regional Center**

**2241 Harvard Street, Suite 100**

**Sacramento, CA 95815**

**Telepono: (916) 978-6269**

**Email: [rblack@altaregional.com](mailto:rblack@altaregional.com)**

